Nauna rito, tinalo ng Inductor ang grupong Resistor sa isang makapigil-hinangang knock-out game sa panimula ng finals. Ang dalawang magkatunggali ay parehong nakakuha ng kabuuang puntos na 2,136 sa semi-finals. Ang defending champion na Resistor, na kinabibilangan ng mga tauhan mula sa KPSPP Electrical and Operations, ay pumangatlo sa iskor na 1,987 sa dalawang laro.

Nasa ikaapat na pwesto naman ang Thyristor na binubuo ng mga empleyado mula sa CHEPP Operations and Maintenance at Quality Management System. Natanggal naman sa unang yugto pa lang ng torneo ang koponang

Capacitor mula sa BHEPP Operations and Maintenance.

Ang kampeon ay tumanggap ng trofeo at cash prize na P7,500 samantalang ang 1st Runner-Up ay nakakuha ng trofeo at P6,000, at ang 2nd Runner-Up, trofeo at P4,500.

Sa individual awards, solong napanalunan ni Rey Abadier ng grupong Thyristor ang trofeo at P2,000 para sa Highest Pinner in a Single Game (Male), para sa kanyang iskor na 229, at ang trofeo at P3,000 para sa Highest Average (Male) sa kanyang iskor na 161.5.

Sa mga kababaihan, napanalunan ni Evelyn Anastacio, ng Inductor, ang trofeo at P2,000 para sa Highest Pinner in a Single Game (Female) para sa kanyang iskor na 158. Si Esterlina Arceta, ng Inductor, ang nanalo ng trofeo at P3,000 para sa Highest Average (Female). Noong 2005, si Arceta ang naging Highest Pinner samantalang si Anastacio and Highest Average.

Ang mga naglaro para sa Transistor ay sina: Manabu Murakami, Kensuke Saito, Bernie Ninobla, Vic Valdez, Baby del Rosario, Oliver Sulibit, Jerlan Coladilla, Jerwyn Mitra, Donnie Santos, Rodney Tarun, Jerry Yutuc, Perlito Lat, Dan Mercado, Estong Veluz, Caging Liwanag, Kano Pereja, Ato Vitasa, Gani Maranan, Willie Elbo, Tony Cesario, Rey Palay, Boy Garcia, Ernest Llantos,

Oslec Abadier at Distry Grajo.

Sa Inductor, ang mga naglaro ay sina: Masahiro Ikezawa, Gota Akiyama, Boy Centeno, Silver Fungo, Melvin Robles, Andy Saracho, Jean Cortez, Manny Laurio, Nida Rodriguez, Arlene Sicam, Jovy Robel, Connie Ebarvia, Boy Navarro, Ben Gonzales, Ayeen Clado, Leny Arceta, Evelyn Anastacio, Flor Margallo, Dodong Aton, Jody Rondilla, Edgar Haber at Arman Juacalla.

Ang koponang Resistor ay kinabibilangan nina: Ryo Suzuki, Buddy Lagunda, Eddie Reyes, Joy Pinca, Caloy Megino, Dingdong Altarejos, Val Avanzado, Alex Berces, Ferdie Catapang, Dennis Franco, Mario Abcede, Al de Luna, Carding Flores, Doro Rodriguez, Caste Castillo, Rody Samonte, Kabayan Vilar, Derick Ilagan, Wilson Yu, Boy de Lumban, Orly Luna, at Tok Pandakila.

Ang Thyristor ay binubuo nina Emong Cruz, Boy Ferrer, Nelson Humarang, Junjie Rosalda, July de Leon, Jobok Aquino, Rey Abadier, Danny Bautista, Ely Soriano, Butch Bautista, Feo Nitura, Paul Ulat at Zeny de Robles.

Para sa Capacitor, ang naglaro ay sina Carding de Leon, Elvin Rondilla, Mar Rondilla, Rico Natividad, Jake Estrellado, Mar Mecija, Obet Iporac, Willand Montemayor, at Bernard Tibayan.

Centeno elected into AWMA Board of Directors

CBK Power's Environment Manager Felixberto Centeno was recently elected into the four-member Board of Directors of the Air and Waste Management Association-Philippines Section (AWMA-PS), replacing the outgoing Board that had already served for two years.

As a member of the Board of Directors, Centeno is one of the two members in charge of the Technical / Oral and Poster Presentation during the 1st AWMA Annual Convention to be held on February 23 – 24, 2007 in Baguio City in celebration of the 10th Anniversary of AWMA-PS. AWMA-PS is a section of Air & Waste Management Association (A&WMA), a non-profit, non-partisan professional organization that enhances knowledge and expertise by providing a neutral forum for technology exchange, professional development, networking opportunities, public

education, and outreach to more than 9000 environmental professionals in 65 countries. AWMA Philippine Section is committed to the promotion of a Clean Environment Towards Sustainable Development.

The mission of AWMA is to assist in the professional development and critical environmental decision-making of its members to benefit society while its core purpose is to improve environmental knowledge and decisions by providing a neutral forum for exchanging information.

The induction of newly-elected Board of Directors was held last December 12, 2006 during the last AWMA Technical Forum on Air Pollution in 2006 which also served as AWMA's Christmas Party.

Presently, the AWMA Board of Directors is busy preparing for the convention in Baguio City.

New CBK PCOs trained

Three CBK Power personnel are applying for accreditation as pollution control officers (PCOs) after attending the three-day Training-Conference of Pollution Control Officers (PCOs) and Environmental Officers (EOs) of Local Government Units held at Development Academy of the Philippines (DAP) in Tagaytay City last November 21 – 23, 2006.

The three are Reynaldo Salvosa, Shift Operations Manager (SOM) at the Botocan Hydroelectric Power Plant (BHEPP), Ernesto Rosalda, Jr., SOM in Caliraya Hydroelectric Power Plant (CHEPP), and Oliver Sulibit, Maintenance

Engineer at the Kalayaan Pumped Storage Power Plant (KPSPP).

This training, sponsored by the Federation of River Basin Councils (FRBC) in coordination with the Laguna Lake Development Authority (LLDA), was specifically designed to include comprehensive presentation on the current environmental policies and regulations being enforced by various regulatory agencies vis-à-vis the activities and projects of the private sector in ensuring the protection and conservation of the environment beyond regulatory compliance.

Wawa Elementary School at Luisiana Central Elementary School, “inampon” ng CBK

Pinag-iibayo ng CBK Power ang pagtulong nitong tumaas ang kalidad ng edukasyon sa mga pampublikong paaralan sa mga paligid ng mga planta nito. “Inampon” kamakailan ng CBK Power ang Wawa Elementary School sa Lumban at ang Luisiana Central Elementary School sa Luisiana bilang hudyat sa mas maigting na hangaring makatulong na maiahon sa kahirapan ang mamamayan sa pamamagitan ng edukasyon.

Inaprubahan ng CBK Management ang pagbibigay ng workbooks, teaching aides at copying machine sa dalawang paaralan upang matugunan nila ang kanilang mga pangangailangan sa pagkakaroon ng mas mataas na grado sa National Achievement Test (NAT) na ibinibigay ng Department of Education (DepEd) taun-taon.

Ang proyekto ay bahagi ng isang malawakang programa ng DepEd na mapabuti ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Sa kasalukuyan, patuloy na bumababa ang antas ng edukasyon sa bansa,

lalo na sa mga pampublikong paaralan, base na rin sa resulta ng iba’t ibang pagsusulit na isinagawa ng DepEd, kabilang na ang NAT.

Sa “pag-ampon” sa Wawa ES at Luisiana CES, kaagapay ng CBK Power ang Foundation for Worldwide People Power, Inc., isang non-government organization na nagsusulong ng mga pagbabago sa lipunan, kabilang na sa sektor ng edukasyon. Sa ilalim ng Education Revolution 2006, ang programang Adopt-A-School ng DepEd ay mas lalong pinalakas bilang Adopt-A-School Community Action Program na humihikayat sa mga miyembro ng komunidad na magtulung-tulong sa pagpapalano, pagsasagawa at pagpapatuloy ng mga proyektong magpapataas sa antas ng edukasyon.

Bilang unang hakbang, bumuo ng education working group (EWG) sa bawat paaralan na kinabibilangan ng mga kinatawan mula sa iba’t ibang grupong may kinalaman sa pagpapakabo

ng paaralan at sa pag-aaral ng mga estudyante rito. Sa Wawa ES, ang EWG ay pinamumunuan ng prinsipal na si Victoria Limlengco. Kasama niya rito sina Barangay Capt. Jose Rubio, ang pangulo ng Parent-Teachers-Community Association (PTCA) na si Misael Yasoña, at mga opisyal ng PTCA na sina Sebastian Estrella, Lorna Trillana at Myrna Gonzales. Kasama rin ang mga Master Teacher na sina Virgilia Arriola, Brendalie Abe at Lilia Lacangulo pati na rin ang kinawatan ng mga mag-aaral na si Fredimel Ordinado.

Sa Luisiana CES, ang EWG ang pinamumunuan ni Dr. Purita Leobrera, ang prinsipal ng paaralan.

Kasama rito sina Barangay Capt. Romeo Oracion, PTCA President Venancio Rodriguez, mga opisyal ng PTCA na sina Phoebe Dizon, Vivian Abeja, at Edna Megino, pati na

rin ang mga gurong sina Jasmin Morona, Juanita Areja, Ester Rondilla, SK Chairman Christian Ladarice, at ang mag-aaral na si Rosemarie Gradia.



Si Dr. Evelyn Mejillano, *national coordinator ng Mentoring the Mentors Program ng Foundation for Worldwide People Power, Inc.*, habang nagsasalita sa pagtatapos ng Mentoring the Mentors Program Plus para sa mga punong-guro at mga guro ng Wawa Elementary School at Luisiana Central Elementary School na bahagi ng Education Revolution 2006

CBK Scholar realizes dream to finish college

EMRAID CABANTOG was part of the first group of scholars when CBK Power set up the program in 2002. Four years later, in April 2006, she graduated with a degree of Bachelor in Elementary Education. We asked her to share her story about the scholarship and this is her story.

I am Emraid R. Cabantog, 21 years old, from Brgy. Bukal, Cavinti, Laguna. I graduated from the Southern Luzon Polytechnic College with a degree in Elementary Education. Do you want to know how I finished my course?

Let me go back to the year 2001-2002 when I was in fourth year high school in Bukal National High School. I didn't really know at that time if I was going to college because of poverty. I wasn't sure if the little earnings of my parents would be

enough to send me to college although my mother would always tell me that whatever happens, I would go to college.

It was in May 2002 when our school principal, Mrs. Gloria Gordula, told me that CBK Power was offering scholarship to poor but deserving high school graduates in its host communities. I suddenly felt joy when I heard the news because it gave me hope.

Mrs. Gordula accompanied me and my

other classmates to the CBK office in Kalayaan for recommendation to the Scholarship Program. We were then asked to answer an essay-type exam, after which we were interviewed. After a week, I jumped with joy when I was informed that I was chosen to be one of CBK's scholars. I went back to CBK to receive the formal letter informing my family of the scholarship grant and to sign our approval of the conditions surrounding the scholarship.

The scholarship was a big help to me and my family. For this, I really studied hard to maintain the scholarship. I knew that if I didn't study well, I would lose the scholarship. I made sure that I did all my assignments in school, passed the exams and submitted all requirements.

In April 2006, I finally realized my dream to finish college. And this happened because of the scholarship grant from CBK. Without it, I would

not have been able to have that one important stage in my life. I am thankful to Almighty God, to my parents, and to the CBK management for my college education. I promise I will use this to help in the betterment not only of my life but also that of my family and other people.

Right now, I am preparing for the board examinations. I promise to do my best to become a good teacher, a good mentor.

Mga pagsasanay pangkabuhayan sa Majayjay, isinagawa

Nag-ispponsor ang CBK Power ng mga pagsasanay pangkabuhayan sa mga barangay ng Bakia at Botocan sa Majayjay upang makatulong sa pagbibigay-kaalaman sa mga mamamayan para pagtatayo ng kanilang sariling negosyo.

Ang mga pagsasanay ay isinagawa sa mga buwan ng Oktubre at Nobyembre 2006 sa pakikiisa sa Alternative Learning System ng Department of Education at ng Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) ng Majayjay.

Nilahukan ito ng mga kabataang hindi nag-aaral at mga may-edad na walang

pormal na edukasyon. Kasama sa mga pagsasanay ang isang Literacy Contracting Scheme (LCS) upang maturuan ang mga nagsasanay sa pagbabasa, pagsusulat at pagbibilang.

Ang mga pagsasanay na isinagawa ay para sa Figurine-Making, Plate Lamination, Floorwax Making at Photographic Silkscreen Printing. Ang nagbigay ng pagsasanay ay si Glenn Alano, ALS coordinator sa Laguna.

Inaasahan na ang mga lumahok sa pagsasanay ay magkakaroon ng sapat na kakayahan upang magtayo ng kanilang sariling maliit na negosyo.

MULA SA CBK



Libro para sa mga bata

Upang makatulong sa pagtuturo sa pagbasa ng mga bata, ang CBK Power ay nagbigay ng mga libro para sa mga mag-aaral ng Longos Elementary School sa Barangay Longos, Kalayaan.

Ang mga libro, na may titulong "Developing Reading Power", ay para sa 160 mag-aaral sa unang baytang at 130 mag-aaral sa ikalawang baytang. Ito ay para sa pagpapaunlad ng kakayahan ng bata na magbasa at umunawa ng kanyang binabasa.

Ayon sa mga mag-aaral, ang isang dahilan ng mababang antas ng edukasyon sa Pilipinas ay ang kakulangan

sa kakayahan ng mga bata na magbasa at umintindi sa mga simpleng instruksyon sa wikang English. Dahil dito, hinihikayat ang mga pampublikong paaralang elementarya na sanayang mabuti ang kanilang mga mag-aaral sa pagbabasa.

Sa Cavinti, nagbigay din ang CBK Power ng mga bababasahin at kinukulayang libro para sa mga mag-aaral ng Day Care Center sa Barangay Lumot. Ang coloring books ay bahagi ng mga gamit sa Day Care na ibinigay ng CBK Power. Ang iba ay mga upuan, lapis, pandikit, cartolina, papel at gutting.

1st CBK Invitational Basketball Cup, idinaos

Matagumpay na idinaos kamakailan ang 1st CBK Invitational Basketball Cup na nilahukan ng mga kabataan mula sa mga pamayanan sa palibot ng mga planta ng CBK Power. Ito ay sa pakikipag-ugnayan ng Basketball Association of the Philippines, Southern Tagalog Region, Laguna District IV, at ng mga Pamahalaang Bayan ng Kalayaan, Lumban, Majayjay, Cavinti at Luisiana, at sa pakikiisa ng Sangguniang Barangay sa mga nasabing bayan.

Sa isang mainit na sagupaan sa ikalawang laro ng championship series, muling nagwagi ang Team Lumban sa kalabang Panthers ng San Juan, Kalayaan upang makuha ang korona sa pagtatapos ng torneo. Sa unang laro, tinambakan ng mga higanteng Lumbeños ang kanilang kalaban na nagbigay sa kanila ng ungos, 1-0, sa three-game championship series.



Hindi naman sumipot ang koponan mula sa Luisiana sa nakatakdang laban nito sa Longos kaya't ibinigay ang ikatlong pwesto sa Longos, Kalayaan. Nauna rito, pinagpaliban ang mga laro dahil sa bagyong Milenyo.

Pinarangalan bilang Most Valuable Player ng torneo si Harvey Aquino mula sa Team Lumban. Binigyan din ng medalya bilang Mythical

Five sina Carlo Macawili at Edward Macalagay mula sa Lumban, Gibbs Pangilinan mula sa Panthers ng San Juan, Kalayaan, Ferdinand Arriola ng Luisiana at Louie Masangkay ng Longos, Kalayaan.

Ang torneo ay inaasahang gaganapin taun-taon bilang pakikiisa ng CBK Power sa pag-unlad ng palakasan sa mga probinsya, partikular sa host communities nito.



PARADA NG BAYAN. Lumahok ang mga opisyal at empleyado ng CBK Power sa Parada ng Bayan na isinagawa kamakailan sa Lumban bilang bahagi ng pagdiriwang ng Burdang Lumban Festival 2006. Ang paglahok ng CBK Power ay pagpapakita ng suporta sa mga gawaing sibika sa mga pamayanan sa paligid ng mga planta ng CBK.

CBK Power, nagbigay ng P250,000 pondong pangkabuhayan sa Samahang Pagkakaisa sa Brgy. Sto Tomas, Luisiana

Pinalakas ng CBK Power ang pag-asa ng mga mamamayan ng Barangay Sto. Tomas sa Luisiana na makaahon sa kahirapan na pamamagitan ng mga proyektong pangkabuhayan.

Ibinigay ng CBK Power kamakailan ang pondong may kabuuang halagang P250,000 sa Samahang Pagkakaisa upang maisagawa ng 21 miyembro nito ang kani-kanilang maliliit na mga proyektong pangkabuhayan. Ang halaga ay binubuon ng P197,000 namuling pinautang sa 16 na datihang miyembro matapos ang dalawang taong pagpapatakbo sa kanilang mga negosyo, at ang P53,000 para sa limang bagong miyembro ng Samahan.

Matagumpay naitinaguyod ng Samahan ang mga proyektong pangkabuhayan sa loob ng dalawang taon mula nang ibinigay ng CBK Power ang naunang tulong na P197,000. Ang mga proyekto ay sa ilalim ng pangangasiwa ng Municipal Social Welfare and Development Office ng Luisiana.

Alinsunod sa kasunduan sa pagitan ng CBK Power at ng Samahan, ang bawat miyembro ay nagtabi ng maliit na halaga buwan-buwan bilang hulog sa kanilang inutang at para sa kanilang personal na ipon. Pagkalipas ng dalawang taon, ang halagang inihulog ay muling ipinautang sa kanila ng CBK Power para sa pagpapatulong ng kanilang negosyo.

Ang sistemang ito ay naglalayong matulungan ang mga miyembro ng Samahan na magkaroon ng disiplinang tuparin ang kanilang obligasyon habang isinasagawa nila ang kani-kanilang mga proyekto. Sa panahong pangmatagalan, inaasahan na ang mga miyembro ng Samahan ay magkakaroon ng sapat na ipon upang maitaguyod nila ang kanilang sariling negosyo at ang pondo ay ipautang

naman ng CBK Power sa iba pang kooperatiba.

Ang mga miyembro ng Samahan ay sina: Annabelle Abustan, may maliit na tindahan; Librada Agupo, bumibili at nagbebenta ng mga damit; Annie Juacalla, bumibili at nagbebenta ng mga bayong; Elsa Ros, pangulong Samahan, bumibili at nagbebenta ng LPG; Mechie dela Torre, bumibili at nagbebenta ng bigas; Teofila Manolas, bumibili at nagbebenta ng palay; Norily Arancel, may maliit na tindahan; Tomasa Arancel, may maliit na tindahan; Editha dela Cruz, bumibili at nagbebenta ng mga damit; Concepcion Zalameda, may maliit na tindahan; Marcialita dela Torre, may maliit na tindahan; Eugenia Minaya; bumibili at nagbebenta ng mga bayong; Nenita Racoma; nagbebenta at bumibiling mga produktong gawa sa pandan; Myra Manolas; bumibili at nagbebenta ng mga bayong; at Necy Abela, bumibili at nagbebenta ng mga gulay. Ang kaisa-isang lalaking miyembro ng Samahan ay si Joselito Reluya na may maliit na tindahan.

Ang limang bagong miyembro ay sina Gemma Juacalla na bumibili at nagbebenta ng mga produktong gawa ng pandan; Felicidad Cajumban, bumibili at nagbebenta ng mga produkto ng Avon; Mercedita Paguio, nagbebenta ng mga produkto ng Avon; Perla Argete, bumibili at nagbebenta ng Current Events Digest sa mga paaralang elementarya sa Luisiana at mga karatig-pook; at Necitas Gragaslaog, nagtitinda ng mga karne at gulay.

Ang Samahang Pagkakaisa ay isa sa dalawang samahan sa Brgy. Sto. Tomas, Luisiana na sinusuportahan ng CBK Power sa kanilang mga proyektong pangkabuhayan. Ang isa pa ay ang Samahang Masikap.

CBK at Samahang Pagkakaisa, magkabalikat sa negosyo

Narito ang kwento ng mga miyembro ng Samahang Pagkakaisa kung paano sila nagsikap sa kanilang maliliit na negosyo sa tulong ng pondong ipinahiram ng CBK Power:

Ako si **NECY ABELA**, 45 taong gulang, maybahay ni Roger, 43 taong gulang, isang magsasaka. Kami ay may tatlong anak na lalaki. Ang aming pangangay na si Ronnie, 18 taong gulang, ay nakapagtapos ng kursong Seaman. Ang aming pangalawang anak na si Remer ay kasalukuyang nasa ika-apat na taon sa hayskul. At ang aming bunsong anak na si Rejohn ay kasalukuyang tumutulong sa aking kabiyaak sa pagsasaka sa bukid.

Katulad ng pangkaraniwang buhay ng mahihirap na pamilyang Pilipino, kami ay maituturing na isang kahig, isang tuka lamang. Kaya nga kami ay bumuo ng isang samahan, kasama ng ilang kakilala na katulad ko rin ang antas ng pamumuhay. Ang Samahang Pagkakaisa ay unang lumapit sa DSWD (Department of Social Welfare and Development) upang makahiram ng kaunting halaga para magamit namin sa gastusin sa pagsasaka.

Nang lumaon ay lumapit din ang aming samahan sa CBK sa tulong ng DSWD. Ako ay nakahiram ng halagang P8,000 sa CBK na naging malaking tulong sa aming gastusin sa pagsasaka. Dito namin kinuha ang ipinambili namin ng pataba, binhi at pamatay-peste.

Dahil dito, ako kasama ang aking buong pamilya ay tauspung nagpapasalamat sa CBK dahil sa kanilang tulong pinansyal sa katulad naming mahihirap na mamamayan. Kung hindi dahil sa katulad nila at sa kanilang walang sawang pagtulong ay hindi namin alam kung saan namin kukunin ang aming puhunan. Nawa'y patuloy kayong tumulong sa amin. Muli ay maraming salamat po. Pagpalain kayo ng higit pa ng Maykapal!

Ako po si **ANNABELLE L.**



Alfredo. Tatlo po ang aming anak – sina Rhoda, Randy, at Bethal Grace.

Nagpapasalamat po ako sa CBK dahil isa po ako sa mga nabigyan ng pagkakataong makautang ng puhunan para sa aming maliit na tindahan. Ngayong kumikita na ang tindahan ay hindi na kami kailangang mangutang ng 5-6 sa Bumbay. Ang kinikita namin sa tindahan ay pinuhunan naman namin sa pagbebenta ng e-load.

Nagpapasalamat ako sa CBK dahil nakakatulong akong magkaroon ng dagdag na kita ang pamilya mula sa aking maliit na tindahan. Nakakadagdag ito sa kinikita ng aking asawa sa pagda-drive ng dyip.

Ako po si **LIBRADA P. AGUPO**, 45 taong gulang, asawa ni Roger, 40 taong gulang na isang security guard. Kami po ay may tatlong anak – sina Lea Rose, 12 taong gulang; Rhonalyn, 9; at si Riev Yan, 6.

Lubos po akong nagpapasalamat, pati na ang aking pamilya, una sa Panginoon at pangalawa sa CBK na nagbigay sa amin ng puhunan. Sa ngayon ay mabuti po ang takbo ng aming negosyo pati na rin ng aming pamumuhay. Simpleng buhay lang po ang pangarap ko – ang makapagtapos ng pag-aaral ang aking mga anak hanggang kolehiyo. Sa tulong ng CBK, sana ay matupad ito. Maraming maraming salamat po.

TOMASA ALTURA, 53 taong gulang, kasal kay

ABUSTAN, 40 taong gulang, tubong Bisaya ngunit naka-pag-asawang taga-Luisiana, si

Filemon, at may dalawang anak, sina Evelyn at Lord Allan II.

Ako po ay isa sa pinahiram ng puhunan ng CBK at ito po ay aking ginamit na puhunan sa

isang maliit na tindahan at sa pamimili ng bayong. Sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ako sa aking pagtitinda at inaalagaan ang aming maliit na kabuhayan para lumago.

Marami pong salamat sa CBK at ako po ay pinahiram ng puhunan. Sana po ay patuloy ang inyong pagtulong sa katulad namin.

Ako po si **NORILY A. ARANCE**, maybahay ni Victorio. Kami po ay may apat na anak – tatlong lalaki at isang babae. Ang pangana'y ay si Vic Vandalto na nasa unang taon sa



kolehiyo; ang pangalawa ay si Jan Norvic na nasa ikatlong taon sa sekundarya; pangatlo si Kendrick na nasa unang baytang sa elementarya; at ang bunso ay si Krsitine, limang taong gulang na nag-aaral sa Day Care Center.

Ako po ay lubos na nagpapasalamat sa CBK sa kanilang tiwalang ibinigay sa aming Samahan sa pagpapahiram ng puhunan sa aming mga nasimulang negosyo. Sa puhunang naipahiram sa akin ng CBK ay mayroon kaming tindahan, nakakapag-buy and sell din ako ng sombrero at bayong. Sa pagsasaka ng aking asawa at pagpapatakbo ko ng tindahan ay nagkaroon kami ng tiyakang pagkukunan ng aming pang-araw araw na gastusin at panustos sa pag-aaral ng aming apat na anak.

Kaya, ako po, sampu ng aking kabiyak, ay lubos na nagpapasalamat sa CBK na nagbigay ng tiwala at tulong sa amin.

Ako po si **EDITHA DELA CRUZ**, 50 taong gulang, asawa ni Alfonso, 49 taong gulang. Kami po ay may apat na anak. Ang panganay ay si Joseph, 29 taong gulang, may asawa na at tatlong anak; ang pangalawa ay si Lorelei Cargar, 28 taong gulang, may asawa at isang anak; ang pangatlo ay si Marlon, 22, may asawa at isang anak; at ang bunso ay si Michael, 9, at kasalukuyang aming kasama sa bahay.

Bilang kasapi ng aming samahan, ako ay lubos na nagpapasalamat sa bumubuo ng CBK sa kanilang suporta at tulong sa amin; sa kanilang pagtitiwala at pagmamahal sa mga taong nangangailangan ng tulong.

Sa dalawang taong pagpupunyagi sa aking hanapbuhay na pinasukan, gamit ang perang ipinahiram sa akin, nagbunga ng maganda ang aming pagtitiyaga at sakripisyo. Ngayon ay patuloy na gumaganda ang aming inuupisahang hanapbuhay. Nakatulong ito nang malaki sa aming pamilya. Bagamat ang kita ay hindi gaanong malaki, ito naman ay nagbibigay sa akin ng kakaibang kasiyahang dulot ng pagtitinda ng mga damit. Kaya sa muling pagbibigay ng CBK ng tiwala at suporta sa amin para sa dagdag na puhunan, doble sikap ang aming gagawin upang maging matagumpay ang aming hanapbuhay at maging inspirasyon ang aming samahan sa ibang tao. Muli, kami ay taus-pusong nagpapasalamat sa CBK sa ating Panginoong Diyos!

Ako po si **MARCIALITA G. DELA TORRE**, maybahay ni Vicente, at may pitong anak – apat na lalaki at tatlong babae.

Ako po ay taus-pusong nagpapasalamat, gayundin ang aking pamilya, sa CBK para sa tulong na ipinagkaloob sa amin. Dahil po dito ay naging malaki ang pagbabago ng aming pamumuhay. Ang pagtitiwalang ibinigay ninyo sa amin ay aming

susuklian ng ibayong pagsisikap upang higit pang lumago an gaming munting negosyo. Gagampanan po naming mabuti ang aming tungkulin bilang miyembro ng Samahang ito.

Muli po ay maraming salamat at patnubayan kayo ng ating Panginoong Diyos.

Ako po si **MENCHIE M. DELA TORRE**, maybahay ni Mario. Apat po ang aming anak, sina Mary Chiel, na nasa unang taong sa hayskul; si Vic Orias, Grade I sa Luisiana Central Elementary School; si Dane Mar, tatlong taong gulang; at si Ma. Leidith, dalawang taong gulang.

Ako po ay buong pusong nagpapasalamat sa lahat ng bumubuo ng programang ito, sa lahat ng mga kawani at mga opisyal ng CBK na malaki ang naitulong sa aking pamilya para magkaroon kami ng puhunang pang-negosyo. Ito po ay nakakatulong para maitaguyod ang aking mga anak sa araw-araw.

Nawapoaypatnubayan kayo ng Poong Maykapal sa inyong kabutihan at sana ay marami pa kayong matulungang mga taong nangangailangan.

Ako po si **ANNIE JUACALLA**, 42 taong gulang, maybahay ni Aries. Kami po ay may apat na anak – isang lalaki at tatlong babae. Ang amin pong panganay na si Aldwin ay nakatapos ng 1st year high school; ang pangalawang si Ann Rose at nakatapos sa hayskul; ang pangatlong si Zarra Jane ay kasalukuyang nasa ikaapat na taon sa hayskul; at ang bunsong si Airis Joy ay nakatapos nangelementarya.

Nakahiram ako ng pera sa CBK, sa pamamagitan ng aming Samahan, para magamit na puhunan sa aming maliit na negosyo na pagbili at pagbenta ng bayong. Ang aming negosyo ay unit-unti nang lumalago at, salamat sa Diyos, nagagamit ko ang aming kinikita sa pagpapaaral sa aming mga anak.

Salamat po sa CBK sa inyong tulong.

Ako po si **MYRA**

MAÑOLAS, 34 taong gulang, asawa ni Nelson. Kami ay may apat na anak, sina Shiela Marie, 14 taong gulang; Nel Mark, 12; Mel Rose, 9; at Rovi May, 6.

Ang aming buong pamilya ay nagpapasalamat sa CBK sa pagbibigay ng puhunan sa amin. Napakalaking tulong po ito sa amin. Sa ngayon ay napag-aaral ko nang maayos ang aking mga anak at naging mabuti ang aming pamumuhay.

Ngayon pong muli ninyo kaming pinagkatiwalaan, umasa po kayo na palalaguin ko pa ang puhunang ito. Maraming maraming salamat po sa CBK. Huwag po kayong magsasawang tumulong sa amin.

TEOFELLA MAÑOLAS Lubhang mahirap ang buhay para sa katulad naming ang ikinabubuhay lamang ay pagsasaka at paghahabi ng bayong. Ang gastusin sa araw-araw ay hindi laging sapat sapagkat maliit lamang ang kita naming mag-anak sa aming hanapbuhay.

Bilang maybahay ng aking asawang si Domingo at ina ng aming tatlong anak, ako ay hindi tumitigil sa pag-iisip kungpaano ako makakatulong upang madagdagan ang aming kita. Kaya naman ako ay sumapi sa Samahang Pagkakaisa na ang layunin ay makatulong sa mga katulad ko.

Lumapit kami sa DSWD n o o n g una upang makahiram ng puhunan. Ako ay nakahiram sa DSWD at ang perang nahiram ay ginamit kong puhunan para sa pagbili at pagbenta ng palay at bigas. Kalaunan ay tinulungan kami ng DSWD para makautang naman sa CBK. Sa pamamagitan ng Samahan, ako ay nakahiram ng P15,000 sa CBK para sa dagdagnapuhunan. Dahil dito ay unti-unting umuunlad ang aking sinimulang negosyo.

Sa ngayon ay maayos naman ang takbo ng aking negosyong palay at bigas. Kaya nga

lubos ang aking pasasalamat, kasama ng aking pamilya, sapagkat kung hindi dahil sa tulong na ito ng CBK ay hindi matutulungang umangat ang aming buhay.

Nawa'y ipagpatuloy ng CBK ang kanilang magandang layunin sa kapwa upang marami pang mahihirap na tulad ko ay matulungan. Maraming salamat po ay nawa'y pagpalain kayo ng Maykapal.

Ako po si **EUGENIA A. MINAYA**, 50 taong gulang, asawa ni David, at may apat kaming anak.



Ako po ay nakahiram ng P6,000 sa CBK

sa pamamagitan ng Samahang Pagkakaisa. Ang halagang ito ay ginamit namin bilang puhunan sa pamimili ng bayong. Ito ay naging kapaki-pakinabang at nakatulong sa aming kaunting kabuhayan. Sa katunayan, ang perang hiniram ko ay kumita ng halos P4,000 na ginamit namin sa pagbili ng kagamitang pansaka tulad ng araro.

Ito ay isang patunay na ang CBK ay nakatulong ng malaki sa kabuhayan ng bawat kasapi ng Samahang Pagkakaisa. Lubos po ang aking pasasalamat. Nawa po ay hindi kayo magsawang tumulong sa mga nangangailangang katulad namin.

Ako po si **NENITA RACOMA**, maybahay ni Leonardo, at may limang anak – tatlong lalaki at dalawang babae. Sila ay sina John Lenard, may asawa na; Jelanie, 19 taong gulang; Jemeson, 18 taong gulang; Jerrickson, 17; at Joanna, 15.

Ako po ay lubos na nagpapasalamat sa bumubuo ng CBK sa tulong pinansyal na ipinagkaloob sa akin na nakakatulong po sa aking pamilya. Sa ngayon po ay magtatapos na sa kolehiyo ang isa naming anak na babae, dahil na rin sa karagdagan kita mula sa aming maliit na hanapbuhay. Patuloy

po naming sisikapin na magampanang mabuti ang aking obligasyon, sa tulong na rin po ng aking asawa.

Muli po ay maraming salamat at nawa po ay patuloy na pagpalain kayo ng ating Poong Maykapal.

Ako po si **JOSELITO R. RELUYA**, 53 taong gulang, asawa ni Venancia Ludovice,



66 taong gulang. Una po akong humiram ng puhunan sa DSWD noong 2003 at sinundan n a m a n

ng CBK noong 2004. Sa loob ng dalawang taon ay nahulugan ko naman ang aking hiniram na pera at nagkaroon pa panustos sa aming pang-araw araw na gastos.

Sa ngayon ay umuunlad na ang aking maliit na tindahan. Nagpapasalamat po kami sa CBK sa pinahiram nilang puhunan at sa patuloy na pagtitiwala sa amin. Malaking tulong po ito sa amin. Maraming salamat po. Pagpalain po tayong lahat ng ating Panginoon!

Ako po si **ELSAROS**, 38 taon gulang. Ang asawa ko po ay si Cesar at may tatlo po kaming anak, sina Genserik Gerald, 19 taong gulang; Ray Glennard, 17 taong gulang; at Dianne Camille, 14 taong gulang.

Ako ay simpleng maybahay lamang na nangarap na magkaroon ng kaunting negosyo para makatulong sa aking asawa. Kaya po nang mabalitaan namin na ang CBK ay magbibigay ng tulong-pinansyal para magamit na puhunan ay nagbigay kami agad ng project proposal sa kanila sa pamamagitan ng DSWD. At natupad ang aming kahilingan. Ipinagkaloob ng CBK ang aming hiling. Nadagdagan ko ang aking panindang LPG. Malaking tulong ang naibigay ng CBK sa aming pamilya. Ito po ay aalagaan namin para lumago. At sana po ay ipagpatuloy ninyo ang pagtulong sa mga kagaya namin.

CBK Power, kabalikat sa pagtulong sa mga komunidad

Muli na namang ipinakita ng CBK Power na ito ay kabalikat sa pagtulong sa mga komunidad nang makiisa ito sa mga medical and dental mission sa iba't ibang lugar sa paligid ng mga planta at pasilidad ng CBK.

Kasama ng CBK Power sa isang medical and dental mission sa Barangay Bagong Silang sa Lumban ang Summerians Club, isang organisasyong sibiko sa naturang bayan. Ang CBK Power ang nagdala ng mga gamot samantalang ang Summerians Club naman ang naghanda ng pagkain at iba pang pangangailangan sa aktibidad.

Nakibahagi rito ang mga doktor at dentista mula sa Provincial Hospital na

tinulungan naman ng mga tauhan ng rural health unit, mga health worker, tanod at miyembro ng Sangguniang Barangay sa pamumuno ni Kapitan Bernardo Bagayan Sr. Dinaluhan din ito ni Mayor Wilfredo Paraiso.

Kasunod nito, nakibalikat din ang CBK Power sa 1st Infantry Battalion ng Philippine Army sa pagsasagawa ng isang medical and dental mission sa Barangay Bukal sa Cavinti. Ito ay pinuntahan din ng mga pasyente mula sa mga kalapit na barangay tulad ng Barangay Cansuso at Sisilmin.

Ang mga health worker, tanod at mga miyembro ng Sangguniang Barangay ng Bukal, sa pamumuno ni Kapitan Pedro de Leon, ay tumulong din sa pagsasagawa ng medical and dental mission.



Ang mga opisyal at empleyado ng CBK Power ay bumabati sa lahat ng isang maginhawa at mapayapang 2007 sa lahat!

MESSAGE OF MR. MASAHIRO IKEZAWA From Page 1

comply with ISO 9001, ISO 14001 and OHSAS 18001. CBK will even improve the established processes, systems, programs and procedures to be able to launch the Integrated Management System (IMS) this year.

Since its establishment in 2001, CBK has been a good corporate citizen in the host communities. Now, we are financially contributing to the host communities by paying local business tax, real property tax, and the DOE Energy Regulations 1-94 contributions. In 2007, CBK will start to pay corporate income tax to the National Government. I believe the payment of taxes is the most fundamental and basic Corporate Social Responsibility.

I hope the new year will be a great year to CBK to achieve these activities. We cannot afford to fail our duty for the survival in the next 20 years of the contractual years. With your support, CBK will survive for another two decades to provide the same benefits to the employees, host communities, and sponsors.

Thank you and *Mabuhay!*

MESSAGE OF MR. RYO SUZUKI From Page 1

prepared properly, coordinated very well and was able to conduct safely. I understand that the fact proves our high ability and the entire employee always pay attention to safety and environment.

Second is that, we achieved our target in NCC tests. The test results were crucial for us and that showed our maintenance performance is competent.

With all these success, I would like to express my heartfelt thanks and congratulations to all CBK employees for the efforts and job well-done for last year's successful plant operation. For 2007, I am sure that all CBK employees will perform their work properly as proven in 2006 and I look forward to an even more robust performance of our power plants in the future. And with the full support of CBK employees, we can do more to produce more energy. It will be good for all of us, as well as for the whole country. I personally commend all our employees who did their best in their assigned jobs.

Thank you and more power.

Mga gamot at libreng bunot ng ngipin alay ng CBK sa komunidad



mga bitamina para matatanda at mga bata.

N a m a h a g i rin ng mga gamit medikal katulad ng sphygmomanometer (pangkuha ng BP), stethoscope, t h e r m o m e t e r, t i m b a n g a n g

pangmatanda at pambata, nebulizer, gayundin ang mga karagdagang supply tulad ng alkohol at bulak.

Kasabay nito, nagsagawa ang CBK Power ng dental missions sa mga barangay na pumapalibot sa mga planta at pasilidad. Ang libreng bunot ng ngipin ay itinaguyod sa tulong ng mga dentista mula sa Sta. Cruz Dental Club.

Ang libreng bunot ng ngipin ay ginagawa isang beses isang taon samantalang ang pamamahagi ng mga gamot at mga gamit medikal ay ginagawa dalawang beses isang taon.

Bilang bahagi pa rin ng Public Health Support Program ng CBK Power para sa host communities nito, namahagi ang kumpanya ng gamot sa mga health center ng mga munisipyo at barangay. Ito ay bilang suporta sa komunidad upang matugunan nila ang kanilang mga pangangailang pangkalusugan sa kabila ng kakulangan ng pondo mula sa gobyerno.

Ang mga gamot ay para sa mga karaniwang sakit tulad ng ubo, sipon, lagnat, pagtaas ng presyon ng dugo, pagkasira ng tyan, kasama na rin ang

Mga puno para sa mga magsasaka ng Kalayaan at Cavinti, ipinamahagi ng CBK

Nagbigay ang CBK Power ng mga punla ng iba't ibang klase ng mga namumungang puno sa mga magsasaka mula sa Kalayaan at Cavinti. Ito ay bahagi ng programa ng kumpanya na mapangalagaan ang kapaligiran sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga puno habang nagkakaroon din ng dagdag na kita ang mga magsasaka.

Sa Kalayaan, ang Samahang Agawid ay binigyan ng 1,000 piraso ng mga punla ng lanzones,

mangga, rambutan, durian at marang. Ang mga ito ay ipinamahagisamgamiyembro ng kooperatiba sa kondisyon na ito ay babayaran ng mga miyembro sa panahong bumubunga na ang mga puno.

Ang Pangkat Kabukiran ng Cavinti ay tumanggap naman ng 545 piraso ng mga punla ng lanzones longcong, lanzones duco, mangosteen, Davao pomelo at durian na ipinamahagi rin sa mga

miyembro ng kooperatiba.

Ang pagtatanim ng mga puno sa paligid ng mga planta ng CBK, lalo na sa Caliray-Lumot Watershed Area, ay isang programang patuloy na isinasagawa ng kumpanya bilang pangangalaga sa kapaligiran. Sa pagbibigay ng mga punla ng mga namumungang puno, inaasahan na ang mga ito ay aalagaang mabuti dahil makakapagbigay din ito ng dagdag na kita sa mga magsasaka.